PAANO KUMUHA NG PAGSUSURI SA COVID-19

May maraming paraan upang kumuha ng pagsusuri sa LA County.

Tawagan ang iyong doktor.

- Ilarawan ang iyong mga sintomas upang mapagpasyahan kung kailangan mong magpasuri.
- Makipatulungan sa iyong doktor para magpa-iskedyul ng tipanan (appointment).

Puntahan ang iyong paaralan o amo (employer).

- Maraming mga distrito ng paaralan at lugar ng trabaho ang nag-aalok ng libreng pagsusuri sa mga mag-aaral at empleyado.

Bisitahin ang isang lugar ng pagsusuri sa LA County na malapit sa iyo

- Tawagan ang 211, i-text ang 844-833-1334, o bisitahin ang **covid19.lacounty.gov/testing** upang makahanap ng libreng lugar ng pagsusuri ng PCR na malapit sa iyo.
- Ang pagsusuri sa COVID-19 ay libre sa lahat ng mga lugar na pinatatakbo ng LA County, hindi alintana ang katayuan sa imigrasyon o seguro.
- Labis na inirerekomenda ang mga tipanan (appointments).

Gamitin ang Programa ng Koleksyon ng Pagsusuri sa Bahay (Home Test Collection Program).

- Magpalista upang makakuha ng libreng PCR test kit na ipapadala sa yo sa: covid19.lacounty.gov/testing/home-test-collection-program/.
- Suriin ang iyong sarili sa bahay at ipadala ito pabalik upang makuha ang iyong mga resulta.

Magbayad para sa isang mabilisang pagsusuri ng antigen sa bahay

- Ang mga mabilisang pagsusuri (rapid tests) ay maaaring mabili sa mga parmasya, tingiang tindahan, at iba pang mga lokasyon na malapit sa iyo.
- Kung magbabayad ka para sa isang mabilisang pagsusuri, itabi ang iyong resibo. Maaaring maisauli ang iyong ginastos sa pamamagitan ng iyong seguro sa kalusugan (health insurance).

Bisitahin ang isang lugar ng pagsusuri na hindi pinatatakbo ng County.

- Ang ilang mga lugar ay pinatatakbo ng mga pribadong kumpanya, pribadong sistema sa pangangalagang pangkalusugan, o lokal na lungsod.
  - Ang mga lugar na ito ay hindi pinatatakbo o kaanib ng LA County.
- Maaaring singilin ka nila para sa isang pagsusuri. Magtanong kung may anumang dagdag na singilin o bayarin.
- Maaari rin silang humingi ng impormasyon tulad ng pagkakakilanlan (ID) ng gobyerno o seguro (insurance).

Kung mayroon kang mga sintomas o ikaw ay nalantad, kumuha ng libreng pagsusuri sa COVID-19 sa lalong madaling panahon!



UMIWAS SA PANLOLOKO SA PAGSUSURI SA COVID-19:

Kung palagay mo ikaw ay nakatuklas ng isang pekeng COVID-19 pop-up site o nakabili ng isang pekeng pagsusuri sa bahay para sa COVID-19, mangyaring iulat ito sa Kagawaran ng Konsyumer at Usaping Pang-negosyo sa bit.ly/DCBAHelp o tawagan ang (800) 593-8222.